

Week 007- Mga uri ng Pagsasalin (Jakobson)

LAYUNIN:

1. Nakikilala si Jakobson bilang isang dalubahasa na nagpapakilala ng ibang uri ng pagsasalin
2. Natutukoy ang iba't ibang uri ng pagsasalin na ipinakilala ni Jakobson
3. Nauunawaan ang gamit ng iba pang uri ng pagsasalin

Panimula:

Ang pagsulat ng isang salin ay larangang nililinang sa pamamagitan ng iba't ibang pamamaraan, may ilan sa mga dakubhasa ang nagpapakilala ng kanilang mga pamamaraan sa isang mahusay na pagsasalin, sa modyul na ito tuklasin natin ang ilan sa uri nng pangsasalin na ipinakilala ni Roman Jakobson.

Roman Jakobson

Roman Jakobson isinilang noong Ika-11 ng Oktubre 1896 sa Russian Federation at binawian ng buhay noong ika-18 ng hulyo taonng 1982.

Noong 1915 ay naging kasapi si Jakobson ng *Russian Formalist* sa kanilang paaralan. Isa si Kakobson sa mga naging pinuno ng Samahan ng Influential Prague Circle. Noong panahon ng pananakop ng mga Nazis sa Czechoslovakia napilitan si Jakobson na magtungo at tuluyang nanirahan sa Amerika noong 1942.

Naging pangunahing kasapi siya ng *Linguistics Circle of New York* at nanungkulan bilang Ikalawang pangulo hanggang 1949, Nagturo si Jakobson sa iba't ibang unibersidad sa Amerika kabilang na dito ang kilalang unibersidad na Harvard University, dahil na rin sa kanyang mga turo nakatulong si Jakobson upang mapagtagpo ang European at American Linguistics.

Kinilala si Jakobson bilang isang maipluwesyang lingwist noong Ika-20 siglo dahil pinangunahan niya ang pagbuo ng *Structural Analysis of Language*. Naging inspirasyon ni Jakobson ang mga likha at pag-aaral ni Ferdinand Saussure, at mas pinaunlad ang *Technique for the analysis of sound system in languages* ni Nikolai Trubetzkoy.

Sa larangan naman ng pagsasalin ipinakilala ni Jakobson ang iba't ibang uri.

Course Module

1. Intralingual na Pagsasalin o ulit salita (rewording)

- Ito ay pag-babago lamang ng salita sa loob ng magkatulad na salita, ito ay pagbibigay ng interpretasyon sa mga berbal na simbolo sa tulong ng iba pang mga simbolo sa magkatulad na wika.
- Sa pagsasagawa ng pagsasalin gamit ang intralingual na pagsasalin, ang tagapagsalin ay nagsasagawa ng muling paglalahad ng ideya ng kanyang isinasalin sa magkatulad na wika, isinasagawa ng tagapagsalin ang pagbabago ng salita gamit ang mga simbolo ng katulad ng isinasaling wika.
- Ang pagbabago ng salita o pangungusap ay maibibilang sa uri ng pagsasalin dito ipinakikita ng tagapagsalin ang kanyang husay sa pagbibigay interpretasyon sa mga simbolo. Isinasalin ng tagapagsalin ang isang teksto sa pamamagitan ng pagbibigay interpretasyon sa tulong ng pagbabago lamang ng mga salita o pangungusap sa magkatulad na wika.
- Sa Intralingual na pagsasalin ay naisasagawa ang Paraprrasis, Ang **paraprrasis** o paraprase ay ang muling paghahayag ng kahulugan ng isang teksto o talata na gumagamit ng ibang mga salita. Sa madaling sabi, ito ang pagpapakahulugan sa pamamagitan ng ibang pangungusap o ibang mga salita.

Halimbawa:

in some instances, you may choose simply to paraphrase a text.

Salin:

Sa ilang pagkakataon ay maaaring mas gusto mong sabihin ang isang teksto sa ibang pananalita

Intralingual na Salin:

May panahon na nais mong ibahin ang teskto.

Mapapansin sa uri ng saling intralingual higit na naging maikli ang paglalahad o ang naisagawang salin, makikita rin na ang tagapagsalin ay naging matipid sa paggamit ng salita ngunit hindi nawala ang nais ipakahulugan o ang ideya ng manunulat.

Course Module

2. Interlingual na pagsasalin (translation Proper)

- Ang layunin ng ganitong uri ng pagsasalin ay mag-interpret o sumuri at ipahayag ang nilalaman ng mga berbal na simbolo.
- Ang Interlingual na pagsasalin ang uri ng pagsasalin na pinaka-gamitin ng tagapagsalin, dito hindi lamang sa salita nakapokus ang nagsasalin kundi sa eksaktong salitang katumbas ng simbolo.
- Ang pagbibigay interpretasyon sa mga simbolo anng pinaka-pokus ng interligual na pagsasalin. Ang malayang pagpapakuhulgan sa tekstong isinasalin ang binibigyang tuon ng tagapagsalin, iniwasan din ng tagapagsalin ang pagsasalin gamit ang salita sa salita.
- Sa pagsasalang Interlingual mahalagang batid ng tagapagsalin ang kultura ng bansa kung saan nagmula ang isasaling akda, gayundin ang kultura ng pagsasalinang wika.
- **Halimbawa:** Sa Ingles ang salitang *rice* iisa lamang ang paraan ng pagkakagamit sa iba't ibang pangungusap, samantala sa pilipinas ang *rice* ay mayroon iba't ibang kahulugan na nakadenpe kung paano ginamit sa pangungusap.

3. Intersemiotiko (transmutation/pagbabago)

- Pagsasalin ng mensahe mula sa masistimatikong simbolo, nakatuon ang uri ng pagsasalin sa mga salita, binibigyang diin ang kabuuang mensahe na kailangang maipahayag, ito ang binibigyang pansin ng tagapagsalin sa halip na ang mga berbal na simbolo (salita).
- Ang pagsasalang Intersemiotiko ay isang pagbibigay interpretasyon sa mga berbal na simbolo sa tulong ng mga di-berbal na simbolo. Ang intersemiotiko ay kadalasang giingamit sa pagsasalin ng mga ilang akdang pampanitikan, halimbawa ang akdang nakasulat ay maaring isalin ng tagapagsalin patungo sa pelikula, o an gang isang aklat maaring isalin sa komiks o ibang mga media platform.

4. Teknikal na Pagsasalin

Course Module

Mga Uri ng Pagsasalin (Jakobson)

- Ang pagsasaling Teknikal ay gawaing nakapukos lamang sa impormasyon, terminolohiya at estruktura ng pangungusap, madalas na ipinagkakamali ng ilan na pinakamadali ang pagsasaling teknikal dahil na rin sa makabagong paraan at teknolohiyang ginagamit.
- Ang pagsasalinng teknila ay itinuturig na informative at referensyal, ang mga salita isinasalin ay tiyak ang kahulugan at di kakakitaan ng damdamin o ang pagiging ekspresibo ng tagapagsalin, karaniwang literal ang pagsasaling teknikal.
- Sa pagsasaling Teknikal karaniwang nakapokus ang nagsasalin sa impormasyon, terminolohiyia at estruktura ng pangungusap, sa ganitong uri ng pagsasalin ang nagsasalin ay nag-papaalipin sa diksyunaryo sapagkat kadalasang tinutumbasan lamang ng tagapagsalin ang salita nang saling salita.
- Sa makabagong panahon, marami ang nag-iisip na madali ang gawaing pagsasalin lalo pa ito ay teknikal, basta ang nagsasalin ay maalam gumamit ng kompyuter madali na para dito ang pagsasalin, bubuksan lamang niya ang [www.google translate.com](http://www.google.com/translate) at sa isang iglap ay tapos na ang kanyang salin.
- Nakapagsasalin man tayo gamit ang google translate, sa kasalukuyan wala parin tayong maituturing na mahusay na MT o Machine Translator, sapagkat kung papansinin ang salin na sumailalim sa google translate ay mali-mali at karamihan ay hindi makatotohanan ang salin, ang ganitong senaryo ay nagdudulot ng suliranin sa mga nagsasagwa ng pagsasalin dahil mas bumababa ang kredibilidad ng isang tagapagsalin.

Mga Uri ng tekstong teknikal

1. **Teksbuk**
2. **Gabay o Manwal**
3. **Encyclopedia**
4. **Mga artikulong siyentipiko at Akademiko**
5. **Patakarán at pamamaraam**
6. **Dokumentong legal**
7. **Technical Report**
8. **Brochures**
9. **Mga liham**
10. **Katitikan ng pulong**
11. **Taunang ulat**
12. **Manuskrito ng mga talumpati**

Course Module

13. Panyam**14. Survey form**

- Ayon kay Almrio(p.75), ang pagsasaling teknikal kabilâ ng dominasyon ng Ingles bílang wikang pandaigdig, maituturing ang pagsasaling teknikal bílang tunay at aktibong wika ng globalisasyon. Dahil sa globalisasyon ay mas tumindi ang interes sa pagpapalitan ng impormasyon, na pinasisigla pa ng mga imbensiyong teknolohiko upang mas maganap ang sinasabing “walanghanggahang”[borderless] komunikasyon, at kayâ lalong natatanghal ang napakahalagang papel ng pagsasalin.
- Malinaw ding ang pagiging teknikal ang ikinaiiba ng tekstong teknikal sa tekstong pampanitikan. Hindi ito tulad ng tekstong pampanitikan na napapalamutian ng mga tayutay at may gámit ang mga salita sa paraang iba sa mga pakahulugan sa diksiyonaryo. Binabása ang panitikan para sa idinudulot nitóng kasiyahan; binabása ang akdang pang-agham at panteknolohiya para sa isang tiyak na gámit nitó sa bumabása. (p.75-76)
- Isang karaniwang patnubay sa pagsulat ng tekstong teknikal ang: (1) magsulat para sa iyong mambabasá at magsulat nang malinaw; (2) alisin ang di-kailangang paguulit; (3) iwasan ang di-kailangang pang-uri at panuring; (4) gumamit ng payak na salita at payak na pahayag; (5) gumamit ng tinig na aktibo at himig na apirmatibo; (6) sumipi ng mga sanggunian, pangungusap ng eksperto, at totoong resulta ng pagsubok; (7) tiyaking malinis ang ispelang at gámit ng bantas. Ngunit ipinapayo ding: (1) akitin ang madla; (2) umisip ng naiiba at bagong pang-uri;ulat at (3) sikaping mamangha ang bumabása tungkol sa paksa; (4) kumbinsihin ang bumabása sa layunin ng teksto. (p.80)
- kailangan ng tagasaling teknikal ang sumusunod na mga katangian: (1) kaalaman sa paksa, (2) mga kasanayan sa saliksik, (3) mga kasanayan sa pagtuturo, at (4) mga kasanayan sa pagsulat. Sa unang tingin lámang sa mga inihanay ay wari ngang higit pang maraming kahingian ang pagsasaling teknikal kaysa pagsasaling pampanitikan. (p.84)
- Kailangan, sa gayon, na maging komunikatibo ang pagsasaling teknikal. Sabi nga ng mga eksperto, kailangan itong (1) nakaangkop sa target na mambabasá, at (2) may layuning maglingkod sa target na mambabasá. Napakautilitaryo ang pagsasaling teknikal, at narito ang kaibhan nitó sa malaking bahagi ng pagsasaling pampanitikan. Higit na sinusukat sa pagsasaling teknikal ang naidudulot nitóng serbisyo sa madla ng TL.

5. Pagsasaling Pampanitikan**Course Module**

- Ang pagsasaling pampanitikan ay isang uri ng pagsasaling naiiba sa karaniwan at paangkalahatang konseptong ng pagsasalin.
- Sinasalamin ng pagsasaling pampanitikan ang imahinasyon, matayog na kasipan at ang epektibong panulat ng isang may akda.
- Ang pagsasaling pampanitikan ay nangangailangan ng pagsubaybay sa mga salitang ginamit at kung ano ang nais ipakahulugan ng manunulat, nararapat din na bigyang pansin ang ayos ng pangungusap at ang sapat na kaalaman ng tagapagsalin.
- Sa pagsasagawa ng pagsasaling pampanitikan nararapat na ang tagasalin ay amay:
 - ✓ malalim na kaalaman sa mga katagian ng iba't ibang genre
 - ✓ nagtataglay ng kahusayan sa pagpapakahulugan
 - ✓ may sapat na kaalaman sa iba't ibang teoryang Pampanitikan
 - ✓ at, may malawak na bokabularyo
- sa pagsasaling pampanitikan hindi lamang balarila at anyo ng pangungusp ang binibigyang konsiderasyon, kundi maging ang pamamarirala, pamimili at pagsasama-sama ng mga istilo ng awtor.
- Ang isang magtatangkang magsagawa pagsasaling pampanitikan, kinakailangan na mahusay na mambabasa ng akdang pampanitikan, may mataas na kakayahan sa simulating lengguwahe (SL) at sa tunguhang lengguwahe (TL), at dapat na taglay ang mataas na pagpapahalaga sa teksto.
- Ang isang tagapagsalin ng akdang pampanitikan ay nararapat na masaklaw ang kamulatan sa kasaysayang pampanitikan, may kakayahan sa kritikal na pagsusuri ng isang akda at nagtataglay ng kahusayan sa malikhaing pagsulat.



Mahalaga din naman ang pagsisikap na maglista ng mga ginagamit na pantumbas sa mga terminolohiya sa bawat disiplina upang maging palagiang sanggunian sa pagsasalin para sa layuning maging konsistent. Ang konsistensi ay isang makabuluhang tungkulin sa pagsusulat at pagsasaling teknikal

References and Supplementary Materials

Books and Journals

1. Zethsen, Karen, **Intralingual Translation: An Attempt at Description**, Meta: Journal de traducteurs, Vol.54, Issue 4, p.795-812, 2009
2. Da silva Clayton, Adriano, **On Jakobson's Intersemiotic Translations in Asterix Comics**, ledijournals, article, 1233/1255
3. Raquel, Buban, **Ang Pagsasaling Teknikal: Pagsipat sa Praktika at Pagpapahalaga**, Vol. 261, Pahina 117-127, January 1, 2014. Journal
4. Almario, Virgilio, (2016) **Batayang Pagsasalin: Ilang Patnubay at Babasahin para sa baguhan: Komisyong ng Wikang Filipino**, Watson Building, JP Laurel, San Miguel, Maynila

Online Supplementary Reading Materials

1. Pagsasaling Wika:
<https://docslide.net/documents/pagsasaling-wika-56aea2e5c03e7.html>
Date Accessed: September 28, 2018
2. Translation: Definition and Example: <https://www.thoughtco.com/translation-language-1692560>
Date Accessed: October 1, 2018
3. Intralingual vs. Interlingual Translation: [URL:http://cssc.au.dk/en/research/translation-and-interpreting/pit-project/intralingualvsinterlingualtranslation/](http://cssc.au.dk/en/research/translation-and-interpreting/pit-project/intralingualvsinterlingualtranslation/)
Date Accessed: October 1, 2018
4. Jakobson: https://www.slideshare.net/9315/jakobson?from_action=save
Date Accessed: October 1, 2018

Online Instructional Videos

1. Types of translation: <https://www.youtube.com/watch?v=MzdAAXiT9cE>
Date Accessed: October 3, 2018

Course Module

This study resource was shared via CourseHero.com

Course Module

This study source was downloaded by 10000821765671 from CourseHero.com on 05-03-2021 06:09:13 GMT -05:00